

YUNIT 4

Ang Republika mula 1945

Modyul 1: Problema sa Lupa

Mga Paksa:

1. Kontekstong Historikal ng Problema sa Lupa
2. Kalagayan ng mga Magsasaka sa Gitnang Luzon noong dekada 1950
3. Kahulugan at Kahalagahan ng Katarungang Panlipunan
4. Konsepto ng Karapatang Pantao

Mga Kakayahan:

1. Nailalahad ang kasaysayan ng suliraning agraryo mula sa panahon ng mga Amerikano
2. Nasusuri ang cartoon tungkol sa problema sa lupa bilang bahagi ng kontekstong historikal ng sitwasyon noong 1950.
3. Nababasa ang biswal na sanggunian, ang kahulugan at mensahe nito.
4. Nauugnay ang mensahe ng cartoon sa problema sa lupa noong 1950.
5. Naipahahayag ang sariling pananaw ukol sa mensahe ng cartoon.
6. Nailalarawan ang kalagayan ng mga magsasaka base sa sipi ni Luis Taruc
7. Naipahahayag ang sariling pananaw ukol sa paghati-hati ng ani sa pagitan ng may-ari ng lupa at ng magsasaka.
8. Nabibigyang kahulugan ang katarungang panlipunan kaugnay sa problema sa lupa
9. Naipapaliwanag ang katarungang panlipunan bilang karapatan ng tao at lipunan
10. Natataya ang kahalagahan at kaugnayan ng problema sa lupa noong 1950 at sa kasalukuyan

Bilang ng oras: Apat (4)



Panimula

Nang matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig marami ang naghangad ng pagbabago ngunit ang pananakop ng mga Amerikano sa Pilipinas ay naglikha ng hidwaan at tunggalian sa lipunan. Ang mga kasunduang nabuo sa pagitan ng Pilipinas at Amerika, tulad ng Bell Trade Act at Military Bases Agreement ay patuloy na nagtali sa aspektong pang-ekonomiya at pang-militar natin at nagpalala ng suliranin sa lupa. Ang ugnayan ng panginoong may lupa at magsasaka o kasama ay higit na lumubha dahil na rin sa 'di makatwirang pamamahagi ng yaman. Ilan sa mga organisadong kilusang bayan ay nagpatuloy sa pakikibaka at pagsasagawa ng protesta dahil na rin sa patuloy na pagnanais na mabago ang kanilang aping kalagayan.



Basahin ang sangguniang aklat na *Ang Pilipinas at ang mga Pilipino, Noon at Ngayon* ni Teodoro Agoncillo, pahina 440 – 456.

Sa panahon ng panunungkulan ni Manuel Roxas (1946 – 1948), dahil na rin sa paglala ng suliranin sa lupa, nagkaroon ng rebisyon ang Act No. 4054 o kilala bilang *"The Philippine Rice Share Tenancy Act"*. Ilang bahagi nito ay sinusugan sa ilalim ng Republic Act No. 34 na pinagtibay noong Setyembre 30, 1946, na nagsasabi na 70 – 30 na hatian ng magsasaka at panginoong may lupa. Ayon dito, kung ang magsasaka ang naghanda ng mga gagamitin at bumalik ng lahat ng gastusin sa pagtatanim at pag-aani magiging pitongpu't porsiyento (70%) ang kanyang magiging bahagi sa kikitain, at tatlumpu't porsiyento (30%) naman ng kita ang mapupunta sa panginoong maylupa. Ngunit kung ang panginoong maylupa naman ang naghanda ng gagamitin at bumalik ng lahat ng gastusin sa pagtatanim at pag-aani magiging pitongpu't porsiyento (70%) ang kayang magiging bahagi sa kita at tatlumpu't porsiyento (30%) naman ang sa magsasaka. Sa kabila nito, nanatili ang suliranin sa lupa dahil na rin sa pandaraya at paniniil ng panginoong may lupa sa kanyang kasama.


Ang hiling ng magsasaka na makatarungang pagtrato ng panginoong maylupa at makatuwirang pamamahagi ng lupa ay hindi rin natugunan ng pamunuan ni Elpidio Quirino. Ang suliranin ay sinundan pa ng pangambang maaring pagliit ng produksiyon sa mga agrikultural na produkto na magbubunga ng kakapusan sa pagkain at pagtaas ng halaga ng bilihan. Dahil dito nagsimulang palakasin ng pamahalaan ang depensa sa siyudad at pagdakip sa lahat nang pinaghihinalaang kasapi ng Huk o maka-Huk. Nadakip ang ilang lider katulad nina Jose Lava, Simeon Rodriguez, Ramon Espiritu at iba pa, at isinakdal sa salang paghihimagsik. Sa kabila nito ang pakikipaglaban ay nagpatuloy, ang mga Huk na hindi nadakip ay namundok at nagpatuloy sa pakikipaglaban.




Basahin ang sangguniang aklat na *Kasaysayan ng Bayan* ng ADHIKA at National Historical Institute, pahina 182 – 187.

Ang Samahan ng Magsasaka

Ang pagkakaroon ng pagkakataon ng mga Pilipino na makapag-aral at makapagbasa ng anumang aklat ay nagbigay daan sa kamalayang panlipunan. Ang samahang masa ay unti-unting nabuhay at nagsimulang kumilos bilang tugon sa paghihirap na dulot ng kolonyalismong Amerika. Ang pag-oorganisa ng samahan ng magsasaka at manggagawa ay tuluyang naglunsad ng pag-aalsa, ilang sa mga ito ay ang mga sumusunod:





Ang mga mahihirap na magsasaka ay umuutang sa kanilang panginoong may-ari ng lupa upang matugunan ang kanilang pangangailangan. Ito ang mga sistema ng pagpapa-utang na ipinaiiiral ng may-ari ng lupa na nagpapahirap sa mga magsasaka:



Usury - ang labis na pagpapatubo sa utang.



Talindwa/ Talinduwa – nauukol sa pagbabayad ng utang na sa bawat isa ay dalawa ang ibabayad ng nangutang sa loob ng isang takdang panahon.



Takipan—singkahulugan ng talinduwa na ang paraan ng pagpapautang na ang isa ay ibabalik ng dalawa.



Pasunod – isang uri ng utang ng kasama sa may-ari ng lupa na ang pagbabayad ay ginagawa tuwing panahon ng pag-aani.



Baligtaran – kasunduan sa pag-utang na binabayaran ng ani ang salaping inutang o ng salapi ang aning inutang. Binabayaran ng salapi ang natira pang utang sakaling ang halaga ng aning ibinayad ay kulang pa sa dapat bayaran.

Ang mga nakasanayan na pamamalakad ng panginoong may lupa ay lubhang iniluha at ikinagalit ng mga magsasaka, bunga nito naglunsad ng organisadong pagkilos ang mga magsasaka sa Gitnang Luzon. Walang piniling kasarian ang mga lumahok sa pag-aalsa sa Gitnang Luzon noong dekada 1950.

Problema sa Lupa

Ang Pilipinas ay isang agrikultural na bansa kaya isa sa pangunahing hanapbuhay ng mga Pilipino ay pagsasaka. Ngunit madali kaya ang gawaing ito? Awitin natin ang “Magtanim ay ‘di biro” at sabihin kung ano ang mensahe na nais iparating nito.

Magtanim ay ‘di biro

Magtanim ay di biro
Maghapon nakayuko
Di naman makatayo
Di naman makaupo

Bisig ko'y namamanhid
Baywang ko'y nangangawit.
Binti ko'y namimintig
Sa pagkababad sa tubig.

Kay-pagkasawing-palad
Ng inianak sa hirap,
Ang bisig kung di iunat,
Di kumita ng pilak.

Sa umagang pagkagising
Lahat ay iisipin
Kung saan may patanim
May masarap na pagkain.

Halina, halina, mga kaliyag,
Tayo'y magsipag-unat-unat.
Magpanibago tayo ng lakas
Para sa araw ng bukas



<http://tagaloglang.com/Filipino-Music/Tagalog-Folk-Songs/magtanim-ay-di-biro.html>



Pamproseng Tanong:

1. Ano ang mensahe ng awit?


2. Sa iyong palagay lahat ba ng mga magsasakang Pilipino ay nagiging masaya rin kahit mahirap ang kanilang gawain?

3. Paano kaya matatamo ng mga magsasakang Pilipino ang kaligayahan sa kanilang kabuhayan?

Kontekstong Historikal ng Problema sa Lupa

Suriin natin ang editorial cartoon na lumabas sa pahayagan ng *The Independent* noong Mayo 18, 1918 kung bakit ang mga magsasaka ng San Miguel ay naghimagsik laban sa kanilang mapang aping panginoong maylupa at iniwan ang lupaing kanilang sinasaka sa mahabang panahon ayon sa may-akda.

Sanggunian 1:





Gawain 1: **Pag-aralan at Unawain.** Suriin ang editorial cartoon at sagutin ang sumusunod na mga tanong. Ilagay ang sagot sa loob ng kahon

1.

Ano-ano ang mga imahe sa editorial cartoon? Itala ito.

Ano ang sinisimbolo ng mga imahe na makikita sa editorial cartoon?

2. Sino ang tinutukoy na “aparcerero” sa editoryal cartoon?

Ang “aparcerero” ay salitang Español, anong salita sa Filipino ang katumbas nito?

3. Sa iyong palagay, bakit inilagay ng editor sa itaas ng cartoon ang “why the aparcerero rebels”?

4. Anong mensahe ng editorial cartoon?

Noong Marso 29, 1942 nagkaisa ang mga lider ng Tarlac, Pampanga at Nueva Ecija na bumuo ng isang samahan na papangalanan na Hukbo ng Bayan Laban sa Hapon o HUKBALAHAP, na pinaikli at ginawang Huk ng matapos ang digmaan. Hinirang si Luis Taruc bilang tagapangulo ng samahan at si Casto Alejandrino naman ang naging pangalawang pangulo. Kinatakutan sa Gitnang Luzon ang samahang ito dahil sa walang patawad na pagpaparusa sa mga taong nakikiisa sa mga Hapon. Kilalanin natin nang husto si Luis Taruc mula sa isang primaryang sanggunian. Suriin ang sipi.

Sanggunian 2:



Part I The Social Cancer, The Barrio ni Luis Taruc

...It is a fact that I am the son of peasants, and that I was born on June 21, 1913, in the barrio of Santa Monica, in the town of San Luis, in the province of Pampanga...

Perhaps the biggest fact in my life was the landlord. When I was still crawling in the dust of the barrio street, I remember the landlords coming into the barrio, shouting "Hoy, Puñeta! and making the peasants run to carry out their demands. Our people would have to catch the fattest hen, get milk and eggs, and bring the biggest fish to the landlard [*landlord*]. If they delayed, or perhaps did not do things to the landlord's liking, they were fined, or given extra work. In an extreme case they might be evicted. And where would they go for justice? The landlord owned the barrio. He was the justice too.

Every year, after harvest, I watched from the dark corner of our nipa hut the frustration and despair of my parents, sadly facing each other across a rough *dulang*, counting corn grains of palay (unhusked rice). The grains of corn represented their debt to the landlord, one grain (ten cavanese of palay) for every peso they borrowed during the planting season. They produced 200 cavanese of palay yearly. Every peso they borrowed was paid back with one cavan of palay, and ten cavanese were paid back for every five cavanese of palay they had borrowed. Five to seven cavanese of palay were paid for each cavan of polished rice (*bigas*) the landlord advanced for us to keep alive. The debts grew from year to year, and the corn grains were never absent from the lives of my parents.

The land was too poor in San Luis. My grandparents had owned land, but they had parcelled some of it out to relatives and friends, and had lost the rest to the landgrabbers, the adjacent landlords. Now we were among the poorest in San Luis.

Pinagkunan: Luis Taruc, Born of the People, an autobiography, 1953
Part I The Social Cancer, The Barrio pahina 13-14

Glosari

evicted	– mapaalís
dulang	– mababang lamesa kung saan ang kakain ay nakalupagi sa sahig.
corn grain	– sukat ng bigas, katumbas ay sampung cavanese ng palay (cavanese = humigit kumulang 100 libra).
peso	– halaga ng salapi, katumbas ay 50 sentimo ng dolyar.
parcelled	– paghati-hatiin; binahagi



Gawain 2: Paglilinaw ng Detalye. Batay sa siping binasa, isulat ang mahalagang impormasyon at hinuha sa sumusunod.

Luis Taruc, Born of the People Part I The Social Cancer, The Barrio	
1. Anong lugar ang inilalarawan sa sipi? _____	Ano ang katangian ng lugar na ito? _____ _____
2. Ano ang hanapbuhay ng mga tao dito? _____	Bakit mahalaga ang hanapbuhay na ito sa lugar? _____
3. Ano ang suliranin ng mga magsasaka? _____	Paano kaya naapektuhan ang mga tao sa San Luis, Pampanga ng kanilang suliranin? _____ _____



Gawain 3. Larawan at Sipi. Balikan ang editorial cartoon at sipi ni Luis Taruc sa Sanggunian 2 at sagutin ang sumusunod na tanong

1. Kailan iginuhit ng may akda ang editorial cartoon? (nasa sanggunian 1)

Kailan sinulat ni Luis Taruc ang kanyang karanasan sa kanilang baryo? (nasa sanggunian 2)

Batay sa petsa na ibinigay mo, mayroon bang pagbabago sa pamumuhay ng mga magsasaka?

Ipalawanag.

2. Aling talata ng sipi ang tumutukoy sa imahe ng magsasakang nakuba sa kanyang mga dala?

Ipalawanag.

3. Ayon sa sipi, sino ang nagpapahirap sa magsasaka?

Bakit?

Kalagayan ng Magsasaka sa Gitnang Luzon (1950)

Ang paglala ng sitwasyon sa Gitnang Luzon ay naglikha ng malaking suliranin dahil malaking bahagi ng aning palay ay nanggagaling dito. Suriin natin ang sipi tungkol sa kalagayan ng mga magsasaka sa panahong ito.

Sanggunian 3:



Part III Struggle for national liberation, The Betrayal of the people ni Luis Taruc

The organize democratic masses in Central Luzon were called “the peace and order problem” During the election campaign Roxas had announced that if elected he would settle “the peace and order problem” within sixty days. In his first press interview after the election he said that he “would move with finesse” to eliminate “lawless elements.” In Central Luzon his words were followed by a wave of terrorism.

In memorandum submitted by the PKM to Roxas on June 10, less than two months after the election, it was asserted that in the period over 500 peasants and peasant leaders had been killed by the MP’s and civilian guards, and that about three times that number had been jailed, tortured, maimed or were missing.

The feudal landlords of Central Luzon regarded the Roxas victory as the signal to smash the peasant movement.....

When the brutalities began there occurred a spontaneous reassembling of Huk squadrons. As an organization, the Huk had been disbanded with the ending of the war, and its former members were mostly absorbed by the mass peace-time organizations of the people, such as the PKM.... Now with their lives no longer safe from the attacks of landlord armies and of government troops, they reassembled their wartime squadrons in self-defense and fought back. No Huk command issued such a directive. It was a spontaneous action by the squadrons. In Pampanga and Nueva Ecija some clashes occurred.

The PKM called for the government purchase of all landed estates and their sale to tenants, for the replacement of tenancy everywhere with lease-holdings, for farmers’ loan agencies, for irrigation and mechanization of agriculture, the organization of the cooperatives and home industries, the encouragement of native capitalists, the nationalization of public utilities. It demanded real independence, a republican system of government, opposition to the Bell Trade Act, seating of the minority Congressmen, dissolution of civilian guards, full recognition of the right to bear arms, and cessation of hostilities in Central Luzon. It elaborated social, educational, health, and welfare demands.

This was a program of reform, not of revolutionary change. Yet so untenable was the position of the feudal landlords and compradores that with the slightest alteration of the system they had built, they felt that it would crumble beneath their feet. Most important of all, behind even the tiniest demand in the program they saw the solid organized masses, and the sight made them tremble.

.....

Upon his election Roxas had appointed an Agrarian Commission to examine the situation, merely a gesture on his part. The commission rendered its report at the end of June. Although going out of its way to attack the peasant movement, it recommended the revision of Tenancy Act to establish a 70-30 crop sharing formula. The PKM accepted wholeheartedly the 70-30 arrangement, urging its adoption. It was universally attacked by the landlords.

xxx

The months of July and August marked a crucial period for our people. A state of half-truce existed between the government forces and peasant movement. The effect only at the top level, between the government representatives and peasant leaders. On the level of the fields there was open conflict....

While negotiations proceeded, the MP Command and the civilian guards intensified their raids, arrests, and shootings....During July and August, the “pacification” months, the PKM was compelled to change over from a legal to a semi-underground basis, to avoid the torture, and murder of scores of peasant leaders. At this time, in southern Luzon, Pedro Villegas and other Huk and PKM leaders in Laguna and Tayabas, went back into the forest for self-protection, following the murder of several former Huks in Laguna.

Pinagkunan: Luis Taruc, Born of the People, an autobiography, 1953
Part III Struggle for National Liberation, The Betrayal of the people pahina 228-231

Glosari	
dissolution	- pagbuwag
cessation	- paghintò/ pagtigil
intensified	- nagpatindi
pacification	- pagpapapayapa



Gawain 4: **Alamin ang Pangyayari.** Ibigay ang iyong sagot sa mga katanungan ayon sa tekstong binasa.

1. Sino ang tinutukoy na “organized democratic masses” sa sipi? Bakit sila’y tinawag na “the peace and order problem”?

2. Bakit lumikha ng takot sa Gitnang Luzon ang pahayag ni Roxas na “he would move with finesse” to eliminate “lawless elements”?

3. Ano ang hinihingi ng mga magsasaka sa pamahalaan? Makatwiran ba?Bakit?

4. Paano tinugunan ng pamahalaan ang mga kahilingan ito?



Gawain 5:Kung Ikaw ay Ako. Pagkatapos nalaman ang ilang pangyayaring kaugnay sa pagsasaka sa panahon ni Manuel Roxas, ilagay ang sarili sa sumusunod na sitwasyon at ipahayag ang sagot.



1. Isa ka sa mga mahirap na magsasaka sa Pampanga noong 1950, sasapi ka ba sa samahan ng magsasaka upang mapangalagaan ang iyong karapatan? Bakit?




2. Ilagay ang sarili bilang panginoong may-ari ng lupa, ano ang iyong magiging paninindigan upang mapabuti ang kalagayan ng magsasaka? Bakit?



3. Kung ikaw si Pangulong Manuel Roxas, paano mo bibigyan ng solusyon ang problema ng mga magsasaka?



Gawain 6: **Salobin mo, Ihayag mo.** Sumulat ng isang sanaysay ukol sa pagpapabuti ng kalagayan ng magsasaka.



Pamantayan	Mahusay (3)	Nalilinang (2)	Nagsisimula (1)
Pagkakaisa (40%) Ang pagkakagawa ay -maayos ang pagkakalahad ng ideya tungkol sa ikabubuti ng magsasaka -namumukod tangi ang ideya tungkol sa ikabubuti ng magsasaka -lahat ng ideya ay para sa ikabubuti ng magsasaka	Nagpamalas ng 3 mula sa 3 na pamantayan	Nagpamalas ng 2 mula sa 3 na pamantayan	Nagpamalas ng 1 mula sa 3 na pamantayan
Organisasyon(40%) Kinakailangang: -organizado ang ideya para sa ikabubuti ng magsasaka -malinaw ang gustong mangyari -naipakita ang ikabubuti ng dalawang panig	Nagpamalas ng 3 mula sa 3 na pamantayan	Nagpamalas ng 2 mula sa 3 na pamantayan	Nagpamalas ng 1 mula sa 3 na pamantayan
Mekaniks(20%) Dapat na: -maayos ang baybay -madaling mabasa -nailahad sa lohikal na pamamaraan	Nagpamalas ng 3 mula sa 3 na pamantayan	Nagpamalas ng 2 mula sa 3 na pamantayan	Nagpamalas ng 1 mula sa 3 na pamantayan

Ayon sa Saligang Batas ng 1987, ang Estado ay kinakailangan na magkaroon ng isang programang nakatuon sa repormang agraryo at nakabase sa karapatan ng mga magsasaka't mambubukid na walang lupa upang mailipat ang mga lupang kanilang sinasaka o kaya'y makatanggap sila ng makatarungang bahagi ng mga bunga. Alinsunod dito ang *Comprehensive Agrarian Reform Law of 1988* o Republic Act No. 6657 ay napagtibay noong ika-10 ng Hunyo, 1988 sa ilalim ng panunungkulan ng dating pangulo na si Corazon C. Aquino. Ngunit noong ika-7 ng Agosto ang RA 6657 ay sinusugan sa ilalim ng RA 9700 o *Comprehensive Agrarian Reform Program Extension with Reforms* (CARPER).



Gawain7: Mensahe Ko, Kuha Mo? Gamit ang larawan, sagutin ang mga katanungan upang maunawaan ang kalagayan ng magsasaka sa kasalukuyan. Isulat ang sagot sa patlang.

Sanggunian 4: Mga Magsasaka, Nanawagan na Ibigay sa Kanila ang Lupang Sinasaka



Para sa kumpletong detalye ng balita maaring mag log on sa <http://www.youtube.com/watch?v=sFOrIdPeSLc>

Pinagkunan:
<http://www.gmanetwork.com/news/video/122637/ba-litanghali/mga-magsasaka-nanawagang-ibigay-sa-kanila-ang-lupang-sinasaka-sa-24th-anniversary-ng-carp> (Date posted: June 8, 2012)

1. Ano ang pangyayaring nagaganap sa larawan?

2. Kailan naganap ang panawagan ng mga magsasaka?

3. Ano ang suliranin ipinakikita sa larawan na may kaugnayan sa problema sa lupa?

4. Magkatulad ba ng suliranin ang nasa larawan at ang mga magsasaka noong 1950? Pangatwiran.

5. Anong mahalagang aral ang natutuhan sa mga karanasan tungkol sa suliranin sa lupa?

Kahulugan at Kahalagahan ng Katarungang Panlipunan

Ang katarungang panlipunan ay ang pagkakapantay ng mga tao sa lipunan sa aspeto ng karapatan at oportunidad. Makakamit ang katarungang panlipunan sa pamamagitan ng pagbuo ng mga batas na makatao at makatarungan. Ang Act 4054 ay ang unang naitalang batas na nagtatakda ng mga relasyong nagmamay-ari ng lupa at magsasakang umuupa sa Pilipinas. Nilayon nitong protektahan ang mga magsasaka sa mga pang-aabuso ng mga nagmamay-ari ng lupa.

Sanggunian 5:



ACT NO. 4054

AN ACT TO PROMOTE THE WELL-BEING OF TENANTS (APARCEROS) IN AGRICULTURAL LANDS DEVOTED TO THE PRODUCTION OF RICE AND TO REGULATE THE RELATIONS BETWEEN THEM AND THE LANDLORDS OF SAID LANDS, AND FOR OTHER PURPOSES

PART I

Share tenancy contract in general

SECTION 4. *Form of contract.* — The contract on share tenancy, in order to be valid and binding, shall be drawn in triplicate in the language or dialect known to all the parties thereto, to be signed or thumb-marked both by the landlord or his authorized representative and by the tenant, before two witnesses, one to be chosen by each party. The party who does not know how to read and write may request one of the witnesses to read the contents of the document.

SECTION 6. *Duration of contract.* — Any contract on rice tenancy entered into between landlord and tenant or farm laborer according to this Act shall last in accordance with the stipulation of the parties: *Provided, however,* That in the absence of stipulation, same shall be understood to last only during one agricultural year: *Provided, further,* That unless the contract is renewed in writing and registered as provided in section four hereof within thirty days after the expiration of the original period, the same shall be presumed to be extinguished: *Provided, finally,* That in case of renewing the contract without changing the stipulations therein it is sufficient that the municipal treasurer shall annotate the word "renewed" in the three copies of the contract and in the Registry of Tenancy Contracts.

For the purposes of this section, one agricultural year shall mean the length of time necessary for the preparation of the land, sowing, planting and harvesting a crop, although it may be shorter or longer than a calendar year.

SECTION 8. *Share basis.* — In the absence of any written agreement to the contrary and when the necessary implements and the work animals are furnished by the tenant; and the expenses for planting, harvesting, threshing, irrigation and fertilizer, if any, as well as other expenses incident to the proper cultivation of the land, are born equally by both the landlord and tenant, the crop shall be divided equally. The division shall be made in the same place where the crop has been threshed and each party shall transport his share to his warehouse, unless the contrary is stipulated by the parties: *Provided, however,* That when the landlord furnishes the work animal gratuitously it shall be deemed as a special consideration, and the tenant shall be obliged to transport the share of the landlord to his warehouse if it is within the municipality where the land cultivated is situated.

PART III

Rights and obligations of landlord

SECTION 18. *Land taxes, burden and contribution.* — The landlord shall be responsible for the payment of taxes imposed by the Government upon the land which is the subject matter of the contract and it shall be illegal to make the tenant bear a part of such tax, burden and contribution, either directly or indirectly.

SECTION 19. *Landlord cannot dismiss his tenant for good causes.* — The landlord shall not dismiss his tenant without just and reasonable cause, otherwise the former shall be liable to the latter for losses and damages to the extent of his share in the product of the farm entrusted to the dismissed tenant.

Any one of the following shall be considered just and reasonable cause for dismissing a tenant by the landlord before the expiration of the period:

- (1) Gross misconduct or willful disobedience on the part of the tenant to the orders of the landlord or of his representative in connection with his work.
- (2) Negligence on the part of the tenant to do the necessary farm work expected of him so as to insure a good harvest.
- (3) Non-compliance with any of the obligations imposed upon the tenant by this Act or by the contract.
- (4) Fraud or breach of trust in connection with work entrusted to him.
- (5) When the tenant leases it or lets to another the use of the land entrusted to him by the landlord, without the consent of the latter.
- (6) Commission of a crime against the person of the landlord or his representative, or any member of the family of the same.

PART IV

Rights and obligations of a tenant

SECTION 22. *Lot for dwelling.* — The tenant shall be entitled to construct a dwelling on the land cultivated by him, if he so chooses, and once a dwelling is constructed, he shall also be entitled to a fixed residential lot if there is any available, not exceeding ten per centum of the total area cultivated by him, but in no case shall it exceed five hundred square meters, wherein he can have a garden, poultry and such other minor industries necessary for his livelihood: *Provided, however,* That the tenant shall be given forty-five days within which to remove his house from the land of the landlord in case of cancellation of the contract of tenancy for any reason: *Provided, however,* That in case he fails to devote the lot allotted him for the purposes herein mentioned for a period of six months, it shall revert again to the cultivation of rice.



Gawain 8: Pangkatang Talakayan. Pag-usapan sa grupo ang inyong sagot at paliwanag sa sumusunod na tanong kaugnay sa batas na binasa. Iulat sa klase ang nabuong sagot.

TANONG	SEKSYON KUNG SAAN MAKIKITA ANG SAGOT	PAGPAPALIWANAG
1. Ano ang itinatadhana ng Act 4054 tungkol sa mga sumusunod:		
• Pagkakasulat ng Kontrata		
• Hatian ng magsasaka at panginoong may lupa		
• Pagbabayad ng Buwis		
• Karapatan ng magsasaka sa paninirahan		
2. Batay sa seksyon 6, ano ang maaring mangyari kapag ang kontrata sa pagitan ng may-ari ng lupa at magsasaka ay di nabago, tatlumpung araw bago magwakas ito?		



Gawain 9: Karapatan ng Bawat Isa. Itala sa kaliwang papel ang karapatan ng may-ari ng lupa ayon sa seksyon 19 at sa kanang papel ay ang karapatan ng kasama ayon sa seksyon 22 ng Act No. 4054. Suriin ang mga naitala sa pamamagitan ng pagsagot sa mga katanungan.

KARAPATAN NG MAY-ARI NG LUPA

KARAPATAN NG KASAMA

1. Batay sa iyong naitala, kaninong karapatan ang mas binigyan pansin ng Act 4054?

2. Sa iyong pananaw, naitaguyod ba ng Act 4054 ang kapakanan ng kasama sa lupang pansakahan? Bakit?

Konsepto ng Karapatang Pantao

Ang karapatan ay isa sa mga elemento ng katarungan. Hindi matatamo ang katarungan kung ang tao ay hindi nakakapamuhay ng may dignidad. Ang bawat isa ay may karapatang mabuhay at isulong ang kanyang kapakanan upang matamo ang disenteng pamumuhay. Itinakda sa Saligang Batas ng 1987, Artikulo XIII ang katarungang panlipunan at karapatang pantao upang maisulong ang karapatang panlipunan at pangkabuhayan ng bawat Pilipino.

Gawain 10: **Anunsiyo.** Suriin natin ang isang anunsiyo na nakalathala sa Manila Bulletin, noong 1952 at sagutin ang sumusunod.



Sanggunian 6:



Pinagkunan: Manila Bulletin, February 23, 1952, pahina 16

ATTENTION ALL HUKS IN MANILA!

1. Army intelligence has now a complete record of your identities and whereabouts you are being given a chance to give up peacefully.
2. All HUKs now lying low in Manila and vicinity are advised to present themselves to army authorities; otherwise, they will be classified as active members of the HMB and will be treated as such.
3. Your time is running short, take advantage of this notice, clip it and bring it with you to Camp Murphy. This notice will give you safe conduct.

DEPARTMENT OF NATIONAL DEFENSE

1.Sino ang pinatutungkulan ng anunsiyo?	
2.Ano ang ipinapahayag ng anunsiyo?	
3.Ano ang kahihinatnan kung hindi susundin ang anunsiyo?	
4. Kumikilala ba sa karapatang pantao ng mga Huk ang anunsiyo? Bakit?	

Produkto/Pagganap

Sulat-Pasasalamat. Gumawa ng isang sulat ng pasasalamat para sa mga magsasaka dahil sila ang nagpapakahirap na magtanim at mag-ani ng palay upang magkaroon tayo ng makakain na kanin sa ating hapag-kainan. Basahin ang nabuong sulat sa klase. Gamitin ang rubric bilang gabay sa paggawa ng sulat.



PAMANTAYAN	NAPAKAHUSAY (4)	MAHUSAY (3)	NALILINANG (2)	NAGSISIMULA (1)	NATAMONG PUNTOS
Nilalaman (70%)	Napakalinaw ng mensahe ng pasasalamat sa sulat. Nakapaglahad ng 5 o higit pa na pagpapahalaga sa mga magsasaka.	Malinaw ang mensahe ng pasasalamat sa sulat. Nakapaglahad ng 3-4 na pagpapahalaga sa mga magsasaka.	Di-gaanong malinaw ang mensahe ng pasasalamat. Nakapaglahad ng 2 pagpapahalaga sa mga magsasaka.	Hindi malinaw ang nais na iparating na mensahe ng pasasalamat. Nakapaglahad ng 1 pagpapahalaga sa mga magsasaka.	
Presentasyon (15%)	Napakalinis at maayos ang sulat na ginawa	Malinis at maayos ang sulat na ginawa	Di-gaanong malinis at maayos ang sulat na ginawa	Hindi malinis at maayos ang sulat na ginawa	
KABUWANG PUNTOS					



Transisyon sa susunod na Modyul

Ipinakita ng primaryang sanggunian ang suliranin sa lupa at hiling ng magsasaka na makatarungang pagtrato ng panginoong may-lupa. Tinalakay din sa modyul na ito ang mga batas na nagtatakda ng relasyon ng may-ari ng lupa at magsasakang umuupa at paghahati ng ani.

Sa susunod na modyul ay pag-aaralan ang mga kasarinlang pang-ekonomiya at ugnayang panlabas ng bansa.